Makinig at Mangatwiran: Isang Matalinong Diskusyon ang Magmumulat sa Kabataan

Ma. Lea Jane Vissoro

Ang komprontasyon at argumento ay madalas na nakikita bilang negatibong pakikipag-ugnayan, kaya naman pinipili ng marami na manahimik o hindi sumalungat sa tuwing nahaharap sa ganitong sitwasyon. Nakakalimutan natin na normal ang pagkakaiba-iba at kapag ito ay nalutas sa positibong paraan, magreresulta ito sa mas magandang relasyon.

Tumingin. Bughaw ang nakikita natin sa tuwing tumitingala tayo sa langit. Maaaring naituro sa inyong asignaturang biyolohiya na hindi bughaw ang tunay na kulay nito, kundi lila. Ang purple light ay mas kumalakalat kaysa sa asul na liwanag ngunit, ang mga mata natin ay mas sensitibo sa asul dahilan upang mas manaig ito sa paningin natin kaysa sa lila. Sa parehong halimbawa, hindi lahat ng nakikita natin sa internet ay totoo. Maaring maimpluwensyahan ka kung ito ang paniniwala ng nakararami. Ngunit bago sumalungat, alamin kung bakit ganoon ang opinyon nila at kung ano ang nakikita nila. Ilagay ang sarili sa kanilang posisyon dahil baka ang nakikita nila ay hindi mo nakikita. Baka sila ay biktima lamang ng nakabubulag na liwanag. Ipakita sa kanila ang tunay na liwanag sa paraang hindi sila masisilaw. Sa paraang kaya nilang maunawaan.

Magtanong. Ang pagtatanong ay resulta ng kritikal na pag-iisip at pagnanais na makaalam. Napakahalaga na mayroong gumagabay sa atin o sumasagot sa ating mga katanungan lalo na sa mga isyung panlipunan. Iyong hindi ka lamang sasagutin nang "Ah, basta!", pagtatawanan kapag tila ignorante sa isang bagay, o di kaya'y susubukin linlangin gamit ang mga propganda. Kundi iyong magbibigay ng konstruktibong impormasyon na makakatulong sa iyo.

Pumuna. Nakapaloob sa kultura ng pamilyang Pilipino ang pag-galang sa nakatatanda. Sa kabilang banda, hindi mali na magkaroon ng opinyon ang isang kabataan sa isyung apektado din siya. Ang pagsalungat o pagpuna sa opinyon ng nakatatanda ay hindi nangangahulugan ng kawalan ng respeto. Ang kabataan ay may pakialam at dapat na makialam lalo na sa mga isyung panlipunan. Ang boses nila ay mahalaga. Ang pagbubusal sa bibig ng kabataan ang nagpapakita ng hindi paggalang sa demokrasya nito. Anuman ang edad o kasarian, mahalagang maging bukas sa kritisismo.

Magturo. Kapag walang nagturo ng tamang direksyon sa lugar na hindi ka pamilyar, malaki ang tyansa na maligaw ka. Ang pagkaligaw ay hindi naman masama. Ang hindi katanggap-tanggap ay kung walang nagturo ng tamang direksyon sa iyo. Tandaan, lahat ng tao ay may responsibilidad sa kanyang kapwa. Kapag ang isa ay tila may baluktot na opinyon, alamin ang kanyang layunin. Balaan siya na huwag lumiko sa maling daan. Kapag tila nag-aalinlangan sa direksyong itinuro mo, ipakita sa kanya ang mga street signs na nagpapatotoo sa iyong sinabi.

Sa pag-usbong ng internet, lumalawak din ang komunidad na kinabibilangan natin kaya't hindi maiiwasan ang pagkalat ng maling impormasyon, propaganda, cyber-bullying, at cancel-culture. Tandaan na ang pagpuna sa ganitong isyu ay hindi negatibong pakikipag-ugnayan kung ang layunin ay makaalam o magturo. Bilang isang kabataan, sanayin ang aktibong pakikinig, mangatwiran nang hindi umaatake, at huwag manindigan sa panig na walang basehan.